# Mga Katanungan sa HIV Examination (Human Immunodeficiency Virus)
# (Gifu Prefectural Infectious Disease Countermeasures Promotion Division)

**＜Q1＞**

**Ano ang　ibig sabihin ng same day HIV examination?**

**＜A1＞**

Ang same day examination ay isa sa mga antibody screening examination na halos 1 oras ay maaaring malaman kaagad ang resulta sa pamamagitan ng paggamit ng quick diagnostic kit, kaya ito tinawag na same day examination. Gayunpaman, kung ikukumpara sa ibang uri ng pagsusuri ang same day examination ay maselan na pagsusuri, maaaring hindi ka nahawaan o na-impeksyon ngunit mayroong mga kaso na positive ang lalabas, sa ganitong kaso ay magsasagawa ng panibagong pagsusuri para sa kompirmasyon.

**＜Q2＞**

**Maari ko bang ipanatag ang aking kaisipan kapag negative ang lumabas sa same day examination?**

**＜A2＞**

「Ang resultang「negative」ay isa lamang na resulta ukol sa nakaraang aktibidad. Kahit na sino ay mayroong posibilidad na ma-impeksyon o mahawaan ng HIV kung hindi magsasagawa ng pag-iingat o prevention.

Maaaring isipin na「hindi nahawaan ng HIV」kapag ang lumabas na resulta ng same day examination ay negative (-), pagkaraan ng mahigit na 3 buwan mula sa mga aktibidad o gawain na posibleng ma-impeksyon.

Sa kaso na pagpapasuri ng wala pang 3 buwan, kahit na napag-desisyonan ng negative (-) iminumungkahi na muling magpasuri pagkaraan ng 3 buwan.

**＜Q3＞**

**Sigurado ba o totoo ba na nahawaan o na-impeksyon ako kapag naging positive ang same day examination?**

**＜A3＞**

Sa same day examination ay 1 tao lamang (1%) sa loob ng 100 na katao ang walang impeksyon ngunit nagiging positive (ito ay tinatawag na false positive). Para sa ganitong kaso na naging positive sa same day examination, ay kailangang magsagawa ng karagdagang pagsusuri at kumpirmasyon ng pagsusuri, kinakailangang siguraduhin kung tunay na positive (HIV infected), o kaya "false positive", kahit na hindi infected ay nagiging positive.

＜Q4＞

**Ako ay nag-aalala kung ako ay nahawaan o infected dahil sa pakikipagtalik sa ka-relasyon ko na lalaki. Maaari ba akong masuri kaagad?**

＜A4＞

Mangyaring kumuha ng reserbasyon para sa pagpapatingin o pagpa-check-up sa pinakamalapit na Public Health Center. Maaaring maging negative ang resulta ng pagsusuri kahit na infected o nahawaan ka kapag nagpa-check-up ka ng wala pang 3 buwan ang nakakalipas mula sa mga aktibidad na mayroong posibilidad na na-infect o nahawaan ka. Mangyaring komunsulta muna sa Public Health Center.

＜Q5＞

**Kailan , at saan maaaring magpasuri?**

＜A5＞

Maaaring magpasuri o magpatingin sa mga Public Health Center sa loob ng Prepektura. Lahat ay sa pamamagitan ng appointment o reserbasyon,kaya kung maaari ay mangyaring kumuha ng appointment o reserbasyon sa pag-papatingin o pagpa-check-up sa Public Health Center. (Mula 8:30 a.m. hanggang 5:00 p.m., hindi kasama ang Sabado, Linggo, holiday, at pampublikong holiday)

| Public Health Center | Araw na Bukas | Oras ng Pagtanggap | Lugar・Telepono |
|---|---|---|---|
| Gifu Health Center | $1^{st}$ at $3^{rd}$ Thursday ng bawat buwan<br>$1^{st}$ Thursday (kinakailangan ng reserbasyon) | 9:00～10:00<br>5:30～6:00<br>($1^{st}$ Thursday lamang) | Kakamigahara-shi Fudougaoka 1-1<br>(058)380-3004 |
| Seino Public Health Center | $1^{st}$ at $3^{rd}$ Tuesday ng bawat buwan<br>$3^{rd}$ Tuesday (kinakailangan ng reserbasyon) | 8:45～10:15<br>4:45～5:45<br>($3^{rd}$ Tuesday lamang) | Ogaki Shi, Ezaki Cho 422-3<br>Seino Sōgō Chōsha<br>(0584)73-1111（ext.276） |
| Seki Public Health Center | $1^{st}$ at $3^{rd}$ Tuesday ng bawat buwan (kinakailangan ng reserbasyon) | 9:30～10:30 | Mino-shi Ikushi 1612-2<br>Chuno Sōgō Chōsha<br>(0575)33-4011（ext.379) |
| Kamo Public Health Center | $1^{st}$ at $3^{rd}$ Thursday ng bawat buwan<br>$1^{st}$ Thursday (Disyembre)<br>$1^{st}$ Thursday (Hunyo ay kailangan ng reserbasyon) | 9:00～11:00<br>4:00～6:00<br>(tuwing Disyembre lamang)<br>5:00～5:30<br>(tuwing Hunyo lamang) | 美濃加茂市古井町下古井2610-1<br>Kamo Sōgō Chōsha<br>(0574)25-3111（内線 285） |

| Public Health Center | Araw na Bukas | Oras ng Pagtanggap | Lugar・Telepono |
|---|---|---|---|
| Tō nō Public Health Center | 1st at 3rd Thursday ng bawat buwan<br>1st Thursday ay kailangan ng reserbasyon) | 9:00～11:00<br>5:00～6:00<br>(tuwing 1st Thursday ng buwan lamang) | Tajimi-shi Ueno-cho 5-68-1<br>Tō nō Seibu Sōgō Chōsha<br>(0572)23-1111（ext.379） |
| Ena Public Health Center | 1st at 3rd Tuesday ng bawat buwan<br>1st Tuesday ng buwan ng Setyembre at Disyembre ay kailangan ng reserbasyon | 9:00～11:15<br>5:00～5:30 (buwan ng Setyembre at Disyembre lamang) | Ena-shi Osashima-chō Shōge Ushiroda 1067-71<br>Ena Sōgō Chōsha<br>(0573)26-1111（ext.269） |
| Hida Public Health Center | 1st at 3rd Thursday ng bawat buwan<br>1st Thursday ay kailangan ng reserbasyon) | 9:00～11:00<br>5:30～6:00 | Takayama-shi Kami Okamoto-cho 7-468<br>Hida Sōgō Chōsha<br>(0577)33-1111（ext.309） |
| Gifu City Public Health Center | 1st at 3rd Monday ng bawat buwan<br>1st Monday ay sa hapon (kailangan ng reserbasyon | 1:20～3:00<br>5:00～6:00 | Gifu-shi Miyakodōri 2-19<br>(058)252-7187 |

**＜Q6＞**

**Magkano ang halaga ng pagpapatingin o pagpa-check-up?**

**＜A6＞**

Libre, wala pong bayad.

**＜Q7＞**

**Wala akong confidence o tiwala sa pagsasalita ng wikang nihonggo. Mayroon bang tagapagsalin- wika o interpreter sa Public Health Center?**

**＜A7＞**

Tumatanggap ng interpreting service sa Seino Public Health Center ( Pourtuguese) at Kamo Public Health Center (Portuguese, Tagalog). Mangyaring makipag-ugnayan sa amin nang maaga.